

1

“Na-kick out ka na naman sa school n’yo?” nanlilisik ang mga matang tanong ni Mr. Perez sa anak.

Nakahiga sa sofa ang pinagagalitan habang nakatakip ang throw pillow sa mukha nito. Si Miguel— twenty-three years old, guwapo, makisig, moreno, matangkad pero irresponsible at pulos sakit ng ulo ang dala sa mga magulang. Umabot na siya sa nasabing edad ay hindi pa rin siya nakakatapos ng pag-aaral. Hindi naman siya bobo kundi mahilig sa barkada at gimmicks.

“Miguel!” Namamaos na ang tinig ni Mr. Perez samantalang ang asawa nito ay paimpit lamang na umiiyak sa isang tabi. “Bumangon ka rryan at kinakausap kita! Hindi ka na nahiya sa mga kaibigan at kamag-anak natin! Ang tanda-tanda mo na, undergraduate ka pa rin!”

“Tigilan n’yo na nga ako, Papa!” Padabog na inihagis ni Miguel ang throw pillow sa kabilang sofa, pagkuwa’y bumangon at naupo na lamang. “Kasalanan ko ba kung napag-iinitan ako sa mga eskuwelahang pinapasukan ko?” balik-singhal niya.

“Paanong hindi? Isang araw ka lang yata kung pumasok sa isang linggo. Your professor told me na palagi kang may ginagawang kalokohan sa mga kaklase mo. And not only that, lagi ka daw tulog during class hours!”

“That’s not true!”

“Sinungaling!” Namumula na si Mr. Perez sa galit. Tumayo na si Mrs. Perez upang awatin ang asawa subalit ayaw nitong tumigil. “Wala ka nang ginawa kundi ang bigyan kami ng kahihyan!”

“Bakit ba ako na lang ang palagi n’yong nakikita? Wala na akong ginawang mabuti sa inyo.”

“Dahil ikaw lang ang hindi ko madisiplina among my children! If you can’t stand by my rules in this house, you can leave! Lumayas ka kung gusto mo!”

“Manuel—” awat ni Mrs. Perez.

“No, Ma,” ani Mr. Perez. “Kailangan kong disiplinahan ang batang ito.”

“If that’s what you want, di sige!” Tumayo siya at dinampot ang kanyang jacket. “Kaya kong mabuhay nang wala kayo, Papa!” malakas ang loob niyang sabi bago mabilis na tumalikod.

“Miguel! Come back here!” tawag ni Mr. Perez.

“Hijo, nabigla lamang ang papa mo!” habol ni Mrs. Perez.

Subalit tila walang narinig na tuluy-tuloy nang lumabas ng bahay si Miguel.

“Gusto kitang pagbigyan, Pare, pero hindi papayag sina Mommy at Daddy na dito ka tumira,” sabi ni Raffy, isa sa mga kaibigan ni Miguel. “Ibabalik at ibabalik ka nila sa inyo.”

“Ayoko nang umuwi sa amin,” mahina niyang tugon habang nakahiga sa kama ng kaibigan. “Mapapahiya ako sa Papa. Nakapagbitiw na ako ng salita.”

“Huwag mo nang intindihin ang sinabi ng papa mo. Lilipas din ang galit n’on.”

“Ayokong mag-almusal ng sermon araw-araw, Pare.”

“Subukan mo kaya kina Arnold.”

“Panglima ka na sa nilapitan ko, Raffy. And all of you said the same thing—na iba ang subukan kong hingan ng tulong.”

“I’m really sorry, Pare.”

Wala nang ibang alam na lapitan si Miguel. Siya man ay nabigla sa agarang desisyon. Saan siya pupunta ngayon?

Natagpuan ni Miguel ang sariling naglalakad sa kahabaan ng Ayala Avenue. Maghahanap siya ng trabaho kahit alam niyang walang katiyakan kung may tatanggap sa kanya. Wala siyang natapos, wala ni anumang experience at nasanay siya sa maginhawang pamumuhay. Anong klase ng trabaho ang kaya niyang pasukan?

Ikaw Ang Pangarap - Ningning C. Interino

Napahinto siya sa harapan ng isang malaking building na kinaroroonan ng kompanya ng kanyang ninong. Naisip niyang marahil ay matutulungan siya nito.

“It’s good to see you, Miguel!” salubong ng ninong ni Miguel sa kanya pagkapasok na pagkapasok niya sa opisina nito.

“I need your help, Ninong,” deretso niyang sabi. “Kailangan ko ng trabaho.”

“I can help you. Sandali, maupo ka muna ryan at may importante lang akong tatawagan. Then, we’ll talk, okay?”

Isang tangong puno ng pag-asa ang itinugon niya rito.

Dinampot ng lalaki ang cellular phone at tumungo ito sa may bintana. Maluwang ang kuwarto. Inakala ng matanda na hindi na maririnig ni Miguel ang mga sasabihin nito sa kausap subalit kahit pabulong ay abot iyon hanggang sa tainga ng inaanak.

“Kumpadre, your son is here,” balita ng lalaki sa kausap nito sa kabilang linya. “Ano ba ang dapat kong gawin?”

Pumormal si Miguel at napailing. Naisip niyang marahil ay nasabihan na ng kanyang ama ang lahat ng mga kakilala nila tungkol sa ginawa niyang paglalayas. Hindi na niya hinintay na matapos ang pag-uusap ng mga ito. Kaagad na siyang umalis.

Lulugu-lugong naglakad na naman siya sa kalye nang

walang tiyak na patutunguhan. Gusto na niyang pagsisihan ang ginawa. Gusto na niyang bumalik sa kanila at bahala na kung ano ang mangyayari.

Nasa ganoon siyang pag-iisip nang may sumigaw nang malakas.

“Snatcher!”

Isang lalaking kalalabas lamang mula sa bangko ang inagawan ng attaché case ng isang magnanakaw.

Sa direction ni Miguel patungo ang magnanakaw. May kumislap na idea sa kanyang utak.

Nang nasa tapat na niya ang snatcher ay pinatid niya ito. Nabitiwan nito ang attaché case. Mabilis na bumunot ng balisong ang lalaki at kaagad na iniumang iyon sa kanya. Nahagip siya sa balikat pero hindi siya nasiraan ng loob. Nilabanan niya ito hanggang sa maagaw niya ang patalim. Kumaripas kaagad ng takbo ang magnanakaw.

Sapo ang duguang balikat na dinampot niya ang attaché case nang hustong makalapit sa kanya ang may-ari niyon.

“Salamat, Hijo,” anito. “Are you okay? Dadalhin kita sa malapit na hospital—”

“Huwag na ho,” tugon niya, sabay abot dito ng attaché case. Sa tingin niya ay nasa late forties na ang lalaki. “Mababaw lamang ito.”

“Kung ganoon ay sumama ka na lamang sa akin sa bahay at nang magamot ang sugat mo. Malapit lamang dito ang tinitirhan ko.”

Kumislap ang kanyang mga mata at kaagad na nabuhayan ng loob. Maaaring ang lalaki na ang makakatulong sa kanya.

“Ano’ng pangalan mo?” tanong ng lalaki nang lulan na sila ng *Pajero* nito. Nakaunipormeng puti ang driver nito katulad nang sa kanila.

Aktibo ang utak niya sa mga pagkakataong ganoon. “M-Mig,” tugon niya. “Mig Gabaldon.” Nakatali sa balikat niya ang kanyang panyo upang bahagyang mapigil ang pagdurugo ng kanyang sugat.

“Well, Mig, I’m Antonio Montelibano. Salamat na lamang at may mga taong katulad mo. Napakasuwerte ng mga magulang mo,” nakangiting sabi nito.

Napalunok siya.

“Taga-saan ka?” muling tanong nito.

“Ho? Eh... tiga-Tondo ho ako... pero huwag kayong matakot sa akin. Hindi ako isa sa mga siga doon.”

Tumangu-tango ito. “Wala naman sa mukha mo ang gagawa ng masama, Hijo. At dapat pa ba akong mangamba?”

Tinulungan mo ako. Malaking halaga ang mawawala sa akin kung nagkataon.... Teka, sa Ayala ka ba nagtatrabaho?”

“Hindi ho. Naghahanap pa lang ako ng trabaho pero walang tumatanggap sa akin dahil wala akong natapos. Hanggang high school lang ho ako dahil iyon lang ang kaya ng mga magulang ko,” pagsisinungaling niya.

“Sayang,” iiling-iling na sabi nito. “Magandang lalaki ka pa naman.”

At saka pa lamang napansin ni Miguel na mamahalin pa rin ang mga kasuotan niya. Ipinagpasalamat niya na naka-t-shirt lang siya at jeans na nakatago pa ang brand name.

Nasa isang kilalang subdivision ang malaking bahay ni Mr. Montelibano. Mas malaki pa rin ang bahay nina Miguel at alam niyang mas mayaman ang kanyang mga magulang sa lalaki pero sa kasalukuyan ay batid niyang walang kahulugan iyon.

“Tanya! Tanya!” pagtawag ni Mr. Montelibano nang makapasok na sila ng bahay. Maluwang ang sala ngunit kulang iyon sa ayos at luma na ang mga kasangkapan naroroon. Nakasabit sa dingding ang portrait ng isang babae.

“That’s my wife,” sabi ni Mr. Montelibano nang mapansing nakatutok ang paningin niya sa larawan. “Pero matagal na siyang yumao. May anim na taon na.”

Bago pa siya nakapagsalita ay may pumapanaog nang dalaga sa hagdanan—si Tanya Montelibano, kaisa-isang anak ni Mr. Montelibano. Maganda ang dalaga, makinis ang kutis, maputi, lampas balikang buhok at may 5’6” ang taas.

“Hi, Dad,” malambing na bati ni Tanya nang makababa na ito. Humalik ito sa pisngi ng ama. “Do I know him?” tanong nito habang nakatingin kay Miguel.

“Saka ka na magtanong,” tugon ni Mr. Montelibano. “For now, you get your first aid kit para magamot ang sugat niya.”

“Oh!” anito na noon lang napansin ang dugo sa balikang binata. Dali-dali itong pumanhik sa itaas.

“Siya ang kaisa-isa kong anak,” nakangiting sabi Mr. Montelibano. “Malapit nang maging doktor iyon,” may pagmamalaking sabi nito.

Parang nanliit si Miguel sa narinig. Kung gayon ay si Mr. Montelibano ang totoong masuwerte sa anak nito, naisip niya. Ang pakiramdam niya ay na-love at first sight siya sa dalaga. Ang ganda nito! At matalino pa.

“Come to think of it, Hijo,” muling sabi ni Mr. Montelibano, “kailangan niya ng driver. Marunong ka bang magmaneho?”

“O-oho!” mabilis niyang tugon.

“Well then, may trabaho ka na,” nakangiting sabi nito.

“I don’t know how to thank you, Mr. Montelibano—” sa kabiglaanan ay sagot niya. Pagkuwa’y bigla siyang natigilan. Kunwari ay natawa siya. “O-okay ho ba ang English ko?”

“Perfect!” natatawang pakli ng lalaki.

“Ano, Dad? Pakiulit nga. Siya? Driver ko?” Napadiin ang dampi ni Tanya ng cotton na may alcohol kay Miguel.

“Aray!” nakangiwing sabi ng binata.

“Don’t you need a driver, Anak?” nakangiting tanong ni Mr. Montelibano.

Napabuntunghininga si Tanya at saka iiling-iling na sinapo ng palad ang noo. “My goodness! Driver lang pala ang pinag-aaksayahan ko ng panahon. Hay naku, Daddy!” Tumigil ito sa ginagawa at saka na tumayo. “Kayo na lang ang gumamot ng sugat niya, ’no? Wala akong panahon sa ganyang klaseng mga tao!” Bubulung-bulong na tumalikod na ito.

Napatunganga si Miguel sa ginawa ng dalaga.

“Pagpasenyahan mo na si Tanya, Hijo,” ani Mr. Montelibano. “Ganyan siyang pinalaki ng mommy niya, medyo may pagkasuplada. Pero babait din ’yan sa ’yo. I assure you that.”

“O-okay lang ho iyon, Sir,” mahina niyang tugon. “Sanay na ako sa mga katulad niya.” Ang totoo ay hindi niya matanggap

Ikaw Ang Pangarap - Ningning C. Interino

ang ginawa ng dalaga. Ni minsan ay wala pang bumabastos sa kanya nang ganoon. Habulin siya ng mga babae. Isang Tanya Montelibano lang pala ang yayapak sa kanya. Kunsabagay, ano ba ang alam nito sa tunay niyang pagkatao?

Mukhang matatagalan ako sa bahay na ito, sabi niya sa isip.

Nang muling pumanaog si Tanya ay nakaputing uniporme na ito at may bitbit na isang clutch bag.

Inabot na naman ng katamaran na nahiga si Miguel sa sofa. Sinabi naman ni Mr. Montelibano sa kanya na magpahinga muna siya roon habang ipinapaayos ang kanyang magiging silid sa isa sa mga katulong.

“Hoy!” nakapamaywang na bulyaw ni Tanya na nakatayo sa may hagdanan.

Iminulat ni Miguel ang mga mata at bumaling ng tingin sa dalaga.

“Papasok ako,” sabi nito. “Tumayo ka na riyan at ilabas mo ang kotse.”

“Ano?”

“Anong ‘ano?’ Hindi ba’t driver na kita?” taas-kilay na sabi nito.

Siyang pagdating ni Mr. Montelibano. “Hija, hindi pa

puwedeng si Mig ngayon. Ipahahatid na lamang kita kay Alfonso.”

“Dad, may lakad kami mamaya ni Cathy.”

“Okay na naman ang sugat ko, Sir,” baling ni Miguel sa lalaki. May benda nang gauze pad ang sugat niya. “Puwede na akong magmaneho.”

“Sigurado ka ba, Hijo?”

“Oho.”

“Ikaw na ang bahala sa anak ko, ha?”

Nakangiting tumango siya.

Inihagis ni Tanya ang bag kay Miguel. “O, dalhin mo ’yan!” Pagkuwa’y mabibilis ang hakbang na tinungo nito ang garahe. Mayamaya ay bumalik din ito kaagad at humalik sa pisngi ng ama. “Bye, Dad.”

“I’ll see you later, Hija,” ani Mr. Montelibano.

“Lakasan mo ang aircon, naiinitan ako,” utos ni Tanya nang nasa kotse na sila.

“Naka-high na,” matigas ang boses na tugon ni Miguel.

Naka-shades si Tanya. Hindi alam ni Miguel na mataman siyang pinagmamasdan nito mula sa likuran ng sasakyan. Napapahanga rin ito sa makisig na pangangatawan at maayos

na pananamit ng binata.

“Alam mo na ba kung saan tayo pupunta?” mataray na tanong ng dalaga kapagdaka.

“Wala ka pang sinasabi—”

“Eh, ba’t hindi ka nagtatanong?”

“Naghihintay lamang ako sa sasabihin mo, Tanya,” tatawa-tawang sagot niya.

“Wala kang karapatang tawagin akong Tanya!” Lumakas ang boses nito. “Ma’am’ o ‘Señorita’ ang dapat mong itawag sa akin!”

“O, sige na, ‘Ma’am’ na kung ‘Ma’am.’” Natatawang napapailing si Miguel sa asal ng dalaga. Sa tingin niya ay masyado itong matapobre. Marahil, kung hindi nito nalaman na papasok siyang driver, baka hindi ganoon ang trato nito sa kanya. Iba talaga ang ugali ng galing sa may-sinasabing pamilya. Sa kaso naman niya ay hindi siya naging ganoon kahit minsan. Totoong mabarkada siya at tamad mag-aral pero hindi siya matapobre. Maayos ang pakikitungo niya sa mga katulong nila sa bahay.

“Iliko mo sa *Corinthian Gardens*,” ani Tanya. “May dadaanan akong kaibigan.”

“Yes, Ma’am.”

“Ganyan nga. Matuto ka,” paismid nitong sabi.

Bumusina nang malakas si Miguel sa harapan ng bahay na itinuro ni Tanya. Lumabas kaagad mula sa bahay ang isang babaeng maganda rin subalit hindi katangkaran—si Cathy, ang best friend ni Tanya. Dali-dali itong sumakay at ginawaran ng halik ang kaibigan.

“You’re late!” nakangiting sabi nito.

“Hay naku, si Dad kasi....” Tumingin kay Miguel ang dalaga. “Nahihirapan daw siyang maghanap ng driver kaya’t kung saan-saan na lang pumulot.”

Saka pa lang siya napansin ni Cathy. “Aha! May bagong driver ka na nga! Pero....” Tinitigan siya nito nang matagal, pagkuwa’y bumaling sa kaibigan. “Driver ba siya o ano?”

“Driver!” madiing sabi ni Tanya.

“Totoo?” di-makapaniwalang tanong nito.

“Uupo ba ako rito sa likod kung hindi ko siya driver?”

“Hindi siya mukhang driver,” pabulong na sabi ni Cathy at saka pinakawalan ang isang pilyang ngiti. “Alam mo, mukha siyang boyfriend mo. Ang guwapo niya, Tanya!”

“Lumalandi ka na naman! Driver lang ’yan, ano ka ba?”

Dinig iyon ni Miguel at napangiti siya. Lumabas ang kanyang mapuputi at pantay-pantay na ngipin.

Kitang-kita ni Cathy ang ngiti niya sa rearview mirror ng

Ikaw Ang Pangarap - Ningning C. Interino

kotse at lalo itong kinilig. “Haay, ang guwapo talaga!” anito.

Kinurot ito sa tagiliran ni Tanya.